

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagkilala sa Pang-abay

Kakayahan: Naitutukoy ang pang-abay sa pangungusap

Salungguhitan ang pang-abay o mga pang-abay sa pangungusap. Gumuhit ng *arrow* mula sa bawat pang-abay hanggang sa salitang inilalarawan nito.

1. Dahil mahina na ang kanyang pandinig, medyo malakas magsalita si Lolo.
2. Mahinahon niyang ipinaliwanag ang dahilan ng kanyang pag-alis sa trabaho.
3. Si Luisa ay umalis ng bahay nang mag-isa kaninang madaling-araw.
4. Sadyang baligtad na ikinabit ang larawan sa pader.
5. Ang mga gusali sa pook ng digmaan ay lubusang giba.
6. Labis na mapagmahal ang mga magulang namin.
7. Si Manny Pacquiao ay tunay na tanyag sa larangan ng boksing.
8. Patakbong tinungo ni Mario ang kusina kung saan nanggaling ang usok.
9. Ang kanyang kasintahan ay buong-puso niyang hinandugan ng awit.
10. Talagang maingat magmaneho si Kuya Richard lalo na kapag umuulan.
11. Masyadong malimit manigarilyo ang drayber ng dyip.
12. Ang bata ay taimtim na nagdarasal para sa kaligtasan ng kanyang pamilya.
13. Sa amo niya isinabi nang mariin ang kanyang mga daing.
14. Ang ahas ay dahan-dahan na gumagapang sa madamong lugar.
15. Pinag-aralan niya nang puspusan ang paksang ito.

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagkilala sa Pang-abay (Mga Sagot)

Kakayahan: Naitutukoy ang pang-abay sa pangungusap

Salungguhitan ang pang-abay o mga pang-abay sa pangungusap. Gumuhit ng *arrow* mula sa bawat pang-abay hanggang sa salitang inilalarawan nito.

1. medyo → malakas; malakas → magsalita
2. Mahinahon → ipinaliwanag
3. mag-isa → umalis; kaninang madaling-araw → umalis
4. Sadyang → baligtad
5. lubusang → giba
6. Labis na → mapagmahal
7. tunay na → tanyag
8. Patakbong → tinungo
9. buong-puso → hinandugan
10. Talagang → maingat; maingat → magmaneho
11. Masyadong → malimit; malimit → manigarilyo
12. taimtim → nagdarasal
13. mariin → isinabi
14. dahan-dahan → gumagapang;
sa madamong lugar → gumagapang
15. puspusan → Pinag-aralan